



# K2C

## Mga Balita at Anunsyo

[Español](#) |

[中文](#) |

[Filipino](#)



### Paparating na sa Nobyembre ang Welcome Kit at Report ng Aktibidad!

Sa Nobyembre, makakatanggap ang mga pamilya ng K2C ng mga welcome kit at report ng aktibidad na ipapadala sa address ng kanilang bahay sa halip na matanggap ang mga ito mula sa mga paaralan. Ipapadala ang mga welcome kit sa lahat ng bagong mag-aaral sa K-10 sa distrito. Ipapadala ang mga report ng aktibidad sa mga kasalukuyang mag-aaral ng SFUSD na mayroon nang K2C account. Hanapin ang mga ito sa inyong mailbox!



### Ang Oktubre ay Pambansang Buwan ng Pagpaplanong Pinansiyal!

Pinapaalala sa atin ng Buwan ng Pagpaplanong Pinansiyal na pangasiwaan ang paggastos natin at ihanda ang ating mga budget. Mainam na panahon ito para planuhin ang kinabukasan ng inyong pamilya – pag-isipan ang kasalukuyang sitwasyon ninyo sa 2020 at kung ano ang magagawa ninyo sa 2021. Maaaring mainam na may gawin kayong bago, o ibahin ninyo kung paano ginagawa ang ilang bagay, at pag-isipan kung paano kayo nag-iipon para sa kinabukasan ng inyong anak.



## News Ticker ng K2C



Kabuuang bilang ng mga account sa SFUSD: 42,789  
Kabuuang bilang ng nag-iipon: 8,656  
Rate ng nag-iipon: 20.2%  
Kabuuang naipon ng mga mag-aaral, mga pamilya: 5 milyon  
Kabuan sa mga account: \$8.3 Milyon  
Kabuuang bilang ng mga online user: 5,677



## Mahahalagang Link

[Tingnan ang Balanse](#)

[Nakalimutan ang Account #?](#)

[Bumisita sa k2csf.org](http://k2csf.org)



## Nagkaloob ng mga Scholarship sa pamamagitan ng SF Public Library at K2C!

Ipinagmamalaki naming ianunsiyo na bumuo ng bagong partnership ang SF Public Library at K2C para magkaloob ng mga kontribusyon sa mga

kwalipikadong teenager na intern ng Youth Engaged in Library Leadership (YELL). Nitong tag-init, ang mga papasok sa baitang 10-12 ay dumalo sa mga sesyon ng paggawa, nagtulungan sa pagbuo ng nilalaman para sa mga tutorial ng STEM o mga kagamitan sa teknolohiya para sa mga senior, at nagpaunlad ng mga karagdagang kasanayan sa pamumuno. Dumalo rin sila sa workshop tungkol sa kaalaman sa pananalapi, tumuklas ng mga listahan ng babasahin sa mga paksa ng interes, at gumawa o nagpahusay ng kanilang mga resume sa database ng Brainfuse.



Ang ilan sa mga scholar ng YELL: Colten (kaliwa), Sophia (gitna), Saw (kanan)

Nag-deposit sa kanilang K2C savings account para sa kolehiyo ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang na matagumpay na nakumpleto ang programang ito at piniling matanggap ang kanilang \$500 dolyar na kontribusyon. Tingnan ang mga video ng STEM [dito](#).



## Trick or Treat na Ipon para sa Kolehiyo!

May plano na ba kayo para sa Halloween? Alam naming tiyak na magiging kakaiba ang Halloween ngayong taon, pero isa rin itong pagkakataon para gawing kasiyahan ang inyong trick or treat na pag-iipon para sa kolehiyo! Hilingin sa inyong mga kaibigan at kapamilya na mag-deposit sa K2C account ng anak ninyo bilang candy. O kayo mismo ang magbigay ng mga coin sa mga trick o treater. Magdikit ng mga coin sa [K2C trick or treat sheet](#) na ito. Hindi alam ang inyong K2C account? Hanapin ito [rito](#).



## Tampok Bawat Buwan Mga Ambassador ng Paaralan ng K2C sa Everett Middle School

Kada taon, nakikipag-partner ang K2C sa mga Ambassador ng Paaralan na sumusuporta sa aming mga pagsisikap na makipag-ugnayan sa mga pamilya at mag-aaral sa mga site ng paaralan nila. Kilalanin ang



Roberto Aparicio (kaliwa), Ana Cass Reyes (kanan)

dalawang Ambassador ng paaralan sa Everett Middle School: sina Roberto Aparicio at Ana Cass Reyes.

6 na taon nang bahagi ng Everett Middle School si Roberto, na nagbibigay ng suporta at mga serbisyo sa mga pamilyang Bago sa Everett, at nasasabik na siya sa paghahatid ng K2C sa ating mga pamilya. Nagsisilbing contact person ng paaralan si Ana para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad.

“Trabaho kong suportahan ang mga pamilya at iugnay sila sa mga mapagkukunan sa San Francisco. Nakikipagtulungan ako sa mga bagong pamilya at mag-aaral para mapadali ang pasikot-sikot sa sistema ng paaralan”

- Roberto Aparicio

“Bilang K2C Ambassador para sa Everett, nasasabik akong tumulong para mapakinabangan ng ating mga pamilya ang programa at mga benepisyo nito. Nagagalak akong tumulong sa pagpapalaki ng posibilidad na makapagtatag ng landas patungo sa kolehiyo ang ating mga mag-aaral”

- Ana Cass Reyes

*Gusto naming itampok ka at ang iyong kuwento! Magpadala ng email sa amin sa [k2c@sfgov.org](mailto:k2c@sfgov.org) na may paksa na "Kuwento ng Nag-iipon" para sabihin sa amin kung bakit ka nag-iipon, paano ka nag-iipon, kailan ka nagsimulang mag-iipon, o kahit anong tungkol sa iyo o pakikilahok ng iyong anak sa K2C.*



## May mga tanong? Mayroon Kaming Mga Sagot!



Sumali sa Facebook Live at Zoom Office Hours ng K2C at matuto tungkol sa mga pangunahing kaalaman sa K2C! Iniaalok namin ang mga sesyong ito pareho sa Espanyol at Ingles kung saan maaari kayong magtanong sa amin tungkol sa K2C, tulad ng: kung paano hanapin ang account number ng inyong mag-aaral, paano mag-register online, at marami pang iba!

- **Espanyol:** Tuwing Miyerkules, 3:30 pm sa aming [Facebook page](#) para sa Espanyol
- **Ingles:** Tuwing Huwebes, 3:30 pm sa pamamagitan ng Zoom link [dito](#).

Meeting ID: 915 1299 0629  
Passcode: 248202



# Magtanong sa Mag-aaral!



Maaaring hikayatin ng sinuman ang mga hangarin ng isang bata. Magbibigay kami ng mungkahing tanong kada buwan na maaari ninyong itanong sa mga mag-aaral na kilala ninyo!

**Ang Tanong sa Buwan na Ito:** Anong Halloween costume ang nagpapakita ng gusto mong maging 20 taon mula ngayon?

## Suportahan ang K2C

Ikaw man ay isang magulang/tagapag-alaga ng isang kasalukuyang mag-aaral, isang tagapangasiwa ng paaralan, o mga miyembro ng komunidad, maraming paraan upang suportahan ang K2C. Sumali sa amin!

[Magboluntaryo sa K2C](#)

[Kumuha/Magbahagi ng Newsletter](#)

[Maging isang K2C Ambassador](#)

[Magbigay ng donasyon](#)

